

# Ang Konsepto ng Covering at Ilang mga Awitin noong 2008-2009

Marvin R. Reyes, Ph.D.  
*San Beda University*

**Abstract:** *Music, belonging to the entertainment industry, can be appreciated by listening to it. Since the 1940's, the appreciation of music has been greatly influenced by what is called "covering." Covering is the translation of lyrics into Filipino; at times, the translation also changes the melody and the beat. This paper analyzes selected songs that dominated the Philippine airwaves between the years 2008-09. Songs were chosen not only because of the translated lyrics (from L1 to L2) but also on the attempt to simply be communicative. Covering in this sense refers to, on the first hand, the translation process involving certain popular music and, on the other hand, the re-interpretation being made in the context of today's generation.*

**Keywords:** *Covering, Pagsasalin, Linguistic Translation, Music/Poetic Translation. Covering, Pagsasalin, Linguistic Translation, Music/Poetic Translation.*

Hindi maiaalis ang pagunawa na may perpektong pagsasalin-kung saan nagkakatapatan o nagkakalapatan ng diwa ng mensahe--sa linggwistika at semantika. Tulad ng mga panulaan, nobela, maikling kuwento at iba pang anyo ng panitikan, nabibilang ang mga awit sa mga texto na dumadaan sa mabusising proseso ng pagsasalin at ng kritisismo. Sa bawat proseso ng pagsasalin nakapaloob ang ilang salik; kabilang dito ang pretextual(*ities*),<sup>1</sup> kahusayan sa orihinal na wika, kaalaman sa wikang sinasalinan, at ang pagtatalaban ng nagsasalin at ng isinasalin. Kung gayon, may kaugnayan ang bawat salik sa pangkalahatang proseso ng pagsasalin. Ito rin ang sinasabi ni Julia Kristeva: "*there should be an interaction between text and context... all texts linked to all other texts because no text can never be completely free of those texts that precede and surround it.*"<sup>2</sup> Dito maiugnay ang usapin sa konseptong komunikatibo sa pagsasalin. Hindi man konkreto ang diwa sa

<sup>1</sup> Cirilo Bautista, *Breaking Signs* (Manila: De La Salle University, 1990), 27.

<sup>2</sup> Julia Kristeva as quoted in Susan Bassnett-Mc Guire, *Translation Studies* (New York: Routledge, 1980), 79.

proseso ng pagsasalin, may mensahe pa rin na nabubuo dulot ng ugnayan ng mga salik na sangkot.

Bagamatanghangarinngpagsasalinayangpagigingkomunikatibo ng isang texto (pampanitikan man o sa musika), kailangan pa ring tukuyin ang mga kaparaanan kung papaano nagkaroon ng ugnayan, tumbasan, at kahulugan ang bawat pagsasalin.

Paksa ng papel na ito ang ilang awiting madalas pinatutugtog mula 2008-2009 sa FM radio stations (tulad ng iFM, Love Radio, 101.9, Yes FM, Energy FM at Baranggay LS), at naging bahagi ng Top Chart Hits. Ang mga awiting salin ay bahagi ng *trend* o *genre* sa Organisasyon ng mga Pilipinong Mang-aawait (OPM) na sunud-sunod nila-launch at pinapatugtog sa ere; pinatulan ito ng mass media, ginawang theme song sa mga teleserye, drama anthology, sitcoms at pelikula. Ang ilan sa mga kantang ito ang mga sumusunod:

Table 1. Listahan ng mga awiting isinalin sa wikang Filipino noong taong 2008-09.

<b>Naisaling awitin</b>	<b>Pinaghang-guang awitin</b>	<b>Umawit</b>	<b>Orihinal na umawit</b>	<b>Taon</b>
Nobody	Nobody	Nhixxxie	Wonder Girls	2008
Payong	Umbrella	Miss Ganda	Rhianna	2008
Peng Yu	Peng Yu	MYMP/Kim Chiu	Luri Chou	2008
Soulja Boy Tagalog	Crank That (Soulja Boy)	Batang Sundalo	Soulja Boy Tell 'Em	2008
Sugat sa Puso	Bleeding Love	Miss Ganda	Leona Lewis	2008
Banana	Right Now	Blank Tape	Akon	2009
Low	Low	DJ Boga	Flo Rida & T. Pain	2009

Sa taong 2008-09, naging maigting ang paggamit sa *covering* bilang proseso ng pagsasalin. Tulad ng ibang panitikan, may

paghahanap din ng katumbas sa pagsasalin ng mga awit. Dahil kultural ang signipikasyon sa pagpapakahulugan, may katangian ang awit na maging daan sa pagpapakahulugan tungo sa pang-unawa, pag-intindi at pagtanggap. Dito makikita ang wika bilang dinamikong proseso ng ugnayan at tumbasan. Binigyang-turing ni Ezra Pound ang mga awit o ibang mga panitikan na may *metapoeia*.<sup>3</sup> Gamit ang konsepto ng *metapoeia*, mauunawaan ang kaparaanan ng pagsasalin; kabilang rito ang teknikalidad sa nibel ng proseso ng aktuwal na pagsasalin at ang disiplina ng musika. Sa laro ng pagsasalin at musika, nauunawaan, naisasalin, at napapalapit ang diwa ng kahulugan.

Ngunit ang estetikong anyo ng isang awit ay higit pa sa kultural na anyo at pagpapakahulugan nito, maaari ring maiayos at mapaglaro ang mga linggwistika, kultural at semantikang pagpapakahulugan. Kung pagtutuunan ng pansin ang mga naisalin o *nacover* na mga awiting nabanggit, makikita na nagaganap ang pagsasalin sa mga liriks (literal na paraan man o hindi), ngunit naka-angkla pa rin sa teknikal na aspekto ang orihinal na awitin partikular na ang melodi.

### **Kagyat na Kaligiran ng Covering at Legalidad ng Pagsasalin**

Pamilyar ang mga Filipino sa proseso ng *covering*; sa mga sinaunang eksena sa pelikula nina Dolphy at Panchito bahagi ng kanilang komedya ang pagsasalin sa mga awit na isinasama sa kwento ng kanilang pelikula. Subalit ang pormal na pagsasagawa ng *covering* sa industriya ng musika ay nagsimula lamang noong dekada '90; ang pagsasalin sa OPM ni Jenine Desiderio at ng awit na, *Hindi Ako si Darna*. Sinundan naman ito noong unang kalahating dekada ng 2000 ng bandang Parokya ni Edgar ang *salitang-wikang* pagpapatugtog ng mga awitin tulad ng *Picha Pie* (2005) at *The Orders Takers* (2006).

Samantala, sa Estados Unidos, 1966 sinimulan ang pagko-cover at unti-unting lumabas sa balangkas ng US Top Hits ang ilang mga awiting Inggles. Bagamat noong 1952, tinawag ng The Chicago Tribune ang gawaing ito bilang “the trade jargon meaning to record a tune that looks like a potential hit on someone’s else label.”<sup>4</sup> Tulad ng dubbing sa pagsasalin ng pelikula o ng ibang mga palabas sa

<sup>3</sup> Ezra Pound as quoted in <http://www3.dbu.edu/mitchell/poundra.htm>.

<sup>4</sup> [musicfans.stackexchange.com](http://musicfans.stackexchange.com)

telebisyon, may mga binabago ang covering sa isang awit; ngunit maliban ang melody. Samantala sa dubbing, maaring isalin ang wika at imahen (bukod sa ideya na isinasalin na rin ang mensahe). Dahil madalas na sangkot ang kultura sa proseso ng pagsasalin, hindi na pinapaalam ang proseso ng covering sa orihinal na umawit. Iyon nga lamang, marapat pa rin ang pakikipagkasundo sa orihinal na naglabas ng awitin.

*In general, the right to record somebody else's song is called a mechanical license and usually it's negotiated in a routine manner between representatives of the copyright holder and would-be-cover artist. However, in the rare event that negotiations fail, the copyright law contain provisions for type of mechanical license called a compulsory license which in effect, give anyone the right to record any song he or she wants to as long as notice is given to the song's copyright owners within 30 days after the recording is made and before it is distributed.<sup>5</sup>*

Ganon pa man, basta may kontent na maiintindihan ang target na wika, hindi magiging sagabal ang kahit na anong panimulang proseso sa *covering*.

## Covering Bilang Pagsasalin

Higit sa pagtatapat ng wika at mensahe ang proseso ng pagsasalin; ganon pa man, wika at pagpapakahulugan (semantik) ang pinakamalaking salik sa buong proseso. Tinatanggap ang pamamaraang *covering* sa kahit na anong sangkot na kultura. May sariling pagkiling kasi at kakayahan bilang kasangkapan sa pagpapahayag ang sariling kultura na kinabubuhulan ng bawat wika.<sup>6</sup> Kahit saang proseso, pagtutumbas pa rin ang isyu ng pagsasalin. Sa *covering*, maaaring maging isyu ang tumbasan subalit tulad ng pagbalangkas sa mga istrukturang salin, bibigyang-linaw ng *covering* ang mga salin ayon sa mga sumusunod na paghahanay ng pagsasalin ni Anton Popovic (1975);

<sup>5</sup> Cecil Adams, "Must you get permission to record someone else song," in <http://www.straightdope.com/columns/read/290/must-you-get-permission-to-record-someone-elses-song> (Date Accessed: May 15, 2018), 1.

<sup>6</sup> Alfonso Santiago, *Sining ng Pagsasalang-Wika* (Quezon City: Rex Bookstore, 1997), 66.

1. *Linguistic Translation means the word for word translation. Homogeneity on the linguistic level of Source Language and Target Language.*
2. *Paradigmatic Equivalence means the concern is the element of grammar.*
3. *Stylistic (Translational) Equivalence where there is functional equivalence of elements in both original and translation aiming at an expressive identity with an invariant of identical meaning.*
4. *Textual (Syntagmatic) Equivalence wherein the focus are on the form and shape.*<sup>7</sup>

Masasabing akma sa tinatawag na *Stylistic Equivalence* (ng pagsasalin) ang proseso ng *covering* sapagkat, habang may paglalaro sa mga pagpapakahulugan, ang pinakamahalaga makapagdulot ng mensahe. Dagdag pa ni Popovic, *the invariant core is represented by stable, basic and constant semantic elements in the text whose existence can be proved by experimental semantic condensation.*<sup>8</sup> Diwa sa diwa ang proseso na naguugnay sa *covering*; makukuha ang diwa ng pagpapakahulugan sa pamamagitan ng pagbibigay ng diwa sa wikang pinagmulan patungo sa target na wika. Dahil layon ng *covering* ang hindi eksaktong pagbibigay-turing sa kahulugan ng orihinal, tanging ang melodi lamang ang ibig idiin sa pangkalahatang proseso. Sapat na ang tono at ritmo upang masabi ng tagapakinig ang awit na kanyang pinapakinggan; paminsan, hindi na mahalaga ang liriks ng na-cover na awit. Samakatuwid, maaaring hindi kumpleto ang linggwistikang pagko-cover ngunit maari pa ring masilo ang diwa na nais ipakahulugan ng orihinal na wika. May pag-alintana pa rin sa orihinalidad mula sa wikang pinagmulan subalit mas binibigyan ng prayoridad ng *covering* ang kakanyahan ng mensahe sa wikang pinagsalanan sa kabila ng pagkakaiba ng awtlet ng pagpapahayag.

Tinawag ito ni Roman Jakobson (1951) bilang *interlingual translation* o ang *translation proper (the interpretation of verbal signs by means of some other language)*.<sup>9</sup> Sa proseso ng *covering*, hinahangad ng wikang pinagsalanan na mailapat ang

<sup>7</sup> Anton Popovic as quoted in Bassnett-Mc Guire, *Translation Studies* 32.

<sup>8</sup> Anton Popovic as quoted in Bassnett-Mc Guire, *Translation Studies*, 32.

<sup>9</sup> Roman Jakobson as quoted in Bassnett-Mc Guire, *Translation Studies*, 28.

pagpapakahulugan ng konsepto sa wikang pinagmulan. May pagkauniversal ang ritmo at tono sa musika kung kaya sapat na ang pagdinig upang masabi kung ano ang awit. Ryhmed Translation ang tawag dito ni *Andre Lefevre* (1990). Ginagamit ang *rhymed translation* sa tula at sa ilan pang akdang pampanitikan; habang hindi sinangayunan ni Lefevre ito sapagkat hindi sinaalang-alang ang diwa ng wikang pinagmulan ngunit aminado siya na diwa pa rin ang ginagamit sa proseso. *Supplementary translation* naman ang tawag dito ni *Henrik Gottlieb* (2005) kung saan may *crossover* na natatanggap ang tagapagtangkilik ng mga texto tulad ng sa musika. Matutukoy ang *crossover* bilang isang paraan kung saan buo ang pagtanggap at pag-unawa ng mga tumatangkilik sa naisaling texto at nauunawaan nila ito.

*In this mode of reception, widespread in hardcore subtling countries, the viewer processes dialog and subtitles as diamesic twins while oscillating between using subtitles as an aid to understand the original dialog and using the original dialogue to evaluate and criticize the subtitles. All translations and indeed, all texts, have an audience in mind be that well-defined or of a more general nature therefore each type of translation is cognitively processed by the intended audience.<sup>10</sup>*

## Ang suri sa Covering

Madaming dahilan kung papaano suriin ang mga awit na kinover. Una, may iba't ibang paraan ng pagsasalin sa pamagat ng mga awit, hindi binabago ang melodi, ngunit may mga kataga na akma ang liriks (sa melodi) at paminsan may panggigiit sa mga hindi akmanag salita sa *covering* upang sumangayon sa melodi.

Sa pagsasalin ng pamagat, kadalasang literal na kahulugan ang gamit tulad ng sa pamagat ng pelikula o palatuntunang pantelebisyon. Halimbawa sa bibigkasing awit, ang pinagmulan ng *Payong ay Umbrella*. Ang tinutukoy ng pamagat na *payong ay* siya rin naman ibig sabihin ng payong sa awit. Ngunit hindi ito kadalasang nangyayari, tignan ang awit ni *Jenine Desiderio* na *Hindi Ako si Darna* mula sa kantang *Superwoman* ni *Karyn White*

<sup>10</sup> Henrik Gottlieb (2005) as quoted in Bassnett-Mc Guire, Translation Studies, 5-6.

(1989), mistulang nakakaaliw ang dating kapag literal na isinalin. Masasabing katapat ni *Superwoman*, na isang bidang Americana si Darna na isang comics ni *Mars Ravelo* (1947). Subalit may iba pang paraan ng pagsasalin na maaaring gawin sa mga pamagat. Kinukuha ng cover ang orihinal na pamagat tulad ng sa mga awit na *Nobody* na kinover bilang *Nobody*, at *Low* na kinover bilang *Low*. Meron din naman na pinapanatili ang orihinal na pamagat subalit dinagdagan upang maiba awit na kinover. Ganito ang nangyari sa *Soulja Boy Tagalog* na iniba sa orihinal na *Soulja*, at *Peng Yung* na mula sa orihinal na *Peng You*. May mga pamagat din na tila malayo na sa orihinal na pagpapakahulugan subalit kung lilimiin ang pagpapakahulugan, tila sa ganoong pamamaraan din ito tumutulod; tulad ng *Sugat sa Pusong* para sa orihinal na *Bleeding Love*. Malaking salik ang pamagat sa *covering* sapagkat ito ang nagbibigay ng impak sa uunawa o kahit na sa nakikinig ng awit. May tawag dito si *Andre Lefevre--semiotic transformation* na binibigyang-kahulugan bilang *the replacement of the signs encoding a message by signs of another code, preserving (so far as possible in the face of entropy) invariant information with respect to a given system of reference.*<sup>11</sup>

Ang melodi ay isang paraan upang maiintindihan ang kahulugan ng isang *covering*. Kahit na anong wika ang gamitin sa *covering*, lalabas at lalabas pa rin ang ideya ng orihinal na awit. Sa mga awit na tatalakayin sa ibaba, walang nabago sa melodi; hindi binabago ng *covering* ang melodi. Lumalabas na ang kinover pa ang nag-aadjust sa orihinal na melodi upang umayon ang salin sa bagong wika. Pansinin ang bahaging ito ng *Sugat sa Pusong*:

Di na, di na, hinde, hinde, hinde  
 Mababasa ng ulan  
 Di na, di na, hinde, hinde, hinde  
 Mababasa ng ulan  
 Di na, di na, hinde, hinde, hinde  
 Mababasa ng ulan  
 Di na, di na, hinde, hinde, hinde, hinde, hinde

<sup>11</sup> Andre Lefevre, *Translation/History/Culture* (New York: Routledge, 1990),

At ikumpara sa orihinal na:

(Ella, ella, eh, eh, eh)  
 Under my umbrella  
 (Ella, ella, eh, eh, eh)  
 Under my umbrella  
 (Ella, ella, eh, eh, eh)  
 Under my umbrella  
 (Ella, ella, eh, eh, eh, eh, eh, eh, eh)

Ganoon din ang makikita sa awiti na Peng You:

Sa lahat ng luha lagi kang may kasama sa gitna ng ulan karamay  
 mo ako kaibigan  
 Sa tatahakin mong daan 'di kita iiwan 'di ka na mag-iisa kaibigan

Na mula naman sa orihinal na:

Zhen ai guo cai hui dong  
 Hui ji mo hui hui shou  
 Zhong you meng zhong you ni  
 Zai xin zhong

Base sa halimbawa sa itaas, masasabi na talagang hinahabol ng *covering* ang orihinal na melodi upang hindi bumalikwas sa wikang pinagmulan. Totoo ito sa kahit na anong texto na isinasalin at hindi mawawala ang kaluwagan ng pagsasalin ng diwa sapagkat maituturing na intertextual ang bawat texto.

It sees all texts linked to all other texts because no text can ever be completely free of those texts that precede and surround it, it also profoundly significant for the student of translation.<sup>12</sup>

Tulad ng pagbibigay-interpretasyon sa kahit na anong texto, bukas ang textong isinasalin upang mabuo ang ugnayang diwa na mayroon sa orihinal. Dito papasok ang tunay na komunikatibong elemento ng isang texto kahit na sa kondisyon ng isang awit, maaaring mangyari ito kahit na may istriktong pamantayan sa

---

<sup>12</sup> Kristeva, as quoted in Bassnett-Mc Guire, *Translation Studies*, 128.



melodi ng orihinal o wikang pinagsalanan. May pitong bagay na binabanggit bilang dahilan sa ganitong sitwasyon;

1. Makinis at maayos ang pagkakasalin
2. Iisa at maayos ang istruktura.
3. Nagsisilbi ang mga ito bilang malinaw na retorikal na layon ng texto.
4. Nagdadala ito ng ispesipikong paglalarawan bilang isang diskurso.
5. Napapanatili kung ano ang dapat maging kumbensyunal na mga pamamaraan sa proseso ng pagsasalin.
6. May may komunikatibo silang pamantayan na may intensyon ng kaligirang pragmatikal.
7. Maituturing bilang bahagi ng tinatawag na *distinct registers*.<sup>13</sup>

Pansinin ang mga awit at ilang bahagi ng salin kung hindi man gramatikal o may semantikong aspekto ang painag-uusapan, ang ideya o sentral na pagpapakahulugan naman. Tingnan ang halimbawa sa ibaba;

Umiwas sa pag-ibig ayaw ng masaktan.  
Magkailang ulit na akong napag-iiwanan.  
Tumatakbo ang oras walang nangyayari.

Ikumpara ito sa wikang pinagmulan na:

Closed off from love, I didn't need the pain.  
Once or twice was enough and it was all in vain.  
Time starts to pass.  
Before you know it you're frozen.


Dito makikita ang layunin ng isang *covering* bilang texto ng pagsasalin. Hindi lamang *covering* ang dapat na umayon sa ganitong kondisyon kung hindi lahat ng texto na dumaraan sa proseso ng pagsasalin. Talamak ang hindi lubusang akmaan o tumbasan sa proseso ng *covering* at bukod tanging binibigyan ng konsiderasyon ang walang pagsasaalang-alang sa melodi. Subalit ganon pa man,

<sup>13</sup> Basil Hatim & Ian Mason, *The Translator as Communicator* (New York: Routledge, 1997), 41.

hindi maaalis ang katotohanang walang pag-alintana sa distansya ng diwa ng dalawang sangkot na texto kung hindi ang naising maging isang matagumpay na paghango ng textong kinover at ang layunin na mailabas ang sining ng pag-awit. Sa pitong sinuring mga awitin, umaayon ang lahat sa ganitong estado sapagkat muli, kailangang sumang-ayon sa melodi at marapat na mabuo ang daloy ng orihinal na awitin. Tinatawag itong *stylistic informativity*.

This notion concerns the extent to which a communicative occurrence might be expected or unexpected, known or unknown, certain or uncertain and so on. Here too, the notion of communicative occurrence and the idea of knowness may be seen or unexpected, maybe viewed in concrete terms as yielding varying degrees of interestingness.<sup>14</sup>

Maaaring matukoy ang ganitong klaseng pagpapakahulugan sa ganitong iskema;



Kung tutumbukin ang isinasaad ng konsepto, isang bagay lamang ang nais ihatid ng proseso, mababanaag ang tumbasan kung may pagsasaalang-alang sa buong kaligiran, pag-unawa, at kaalaman sa texto na isinasalin. Mas madali marahil kung tula ang pag-uusapan sapagkat diwa lamang ang maaaring maging malaking fokus ng

<sup>14</sup> Hatim & Mason, *The Translator as Communicator*, (New York: Routledge, 1997) 26.

pagkaintindi rito subalit dahil awit ang sinusuri, maraming salik ang dapat na ikonsidira. Mawala man ang kahulugan ng textong pinagmulan, hindi naman mawawala ang melodi at ang pagsunod ng paggamit ng mga salitang ginamit sa wikang sinalinan o sa proseso ng *covering*. Halimbawa rito ang awiting *Banana*;

It's been so long that I haven't seen your face  
 I try'na be strong but the strength I have I washing away  
 It won't be long before I get you by my side,  
 And just hold you, tease you, squeeze you, tell you what's been  
 on my mind.

Chorus:

I wanna make-up right now, na na...  
 I wanna make-up right now, na na...  
 Wish we never broke up right now, na na...  
 We need to link up right now, na na...

I wanna make-up right now, na na...  
 I wanna make-up right now, na na...  
 Wish we never broke up right now, na na...  
 We need to link up right now, na na...

Na isinalin bilang:

Kung ayaw mong nabibitin sa taste  
 I-try mo to banana ko babe, I'm selling today  
 Ito ay long, 'di ka magsisisi sa size  
 Masarap, matamis at mahaba at panalo pa ang price.

Chorus:

Sige itry mo ang aking banana  
 Pag natikman mo 'to di magsasawa  
 Dahil masustansya ang aking banana  
 At ubod pa ng sarap ang aking banana

Kaya itry mo aking banana  
Para malaman mo kung bakit ba  
Paborito ng lahat aking banana  
Kaya ang bumibili ay pila-pila

O ang awit na Soulja Boy:

Chorus:

Soulja Boy off in this h\*\*  
Watch me crank it, watch me roll  
Watch me crank that Soulja Boy  
Then Superman that h\*\*

Now watch me, you... (Crank that soulja boy)  
Now watch me, you... (Crank that soulja boy)  
Now watch me, you... (Crank that soulja boy)  
Now watch me, you... (Crank that soulja boy)

Na kinover bilang:

Chorus:

Batang Sundalong iyon  
Tingnan mo siyang tumalon,  
Tingnan ang sundalo  
Napasuperman ang h\*\*

Barilin mooooo (Batang Sundalo)  
Barilin mooooo (Batang Sundalo)  
Sundan mo kooooo (Btanag Sundalo)  
Subukan mooooo

Makikita rin ang parehas na kilos sa awit na Low:

Chorus:

Shawty had them apple bottom jean, boots with the fur  
The whole club was looking at her

She hit the floor (she hit the floor) next thing you know  
Shawty got low, low, low, low, low, low, low, low

Them baggy sweat pants and the Reebok's with the straps  
She turned around and gave that big booty a smack (hey)  
She hit the floor (she hit the floor), next thing you know  
Shawty got low, low, low, low, low, low, low, low

Na isinalin sa ganitong pamamaraan:

Chorus:

Mansanas, pantalon at sapatos na balbon  
Buong beerhouse nakalingon,  
Ay nadapa! Bigla-bigla!  
Nagspaghetti nang pababa nang pababa nang pababa

Pinawisang pantalon tinalian na Tretorn  
Umikot siya at pinalo kop wet niya (hoooy!!!)  
Ayyy nadapa! Bigla-bigla!  
Nagspaghetti nang pababa nang pababa nang pababa

Makikita ang tagumpay ng proseso ng *covering* dahil bagamat malaki ang porsyento na hindi linggwistik na nagtutumbas ang mga salita, ideya, o kaligirang pangkalahatan ng wikang pinaghanguan at wikang sinasalinan sa *covering* nagkakaroon pa rin ng pagpapakahulugan at hindi mawawala ang pagkonsidira sa melodi na nagbibigay balangkas sa bawat proseso ng *covering*.

### Ang *covering* sa kasalukuyan

Kung pagbabasehan ang kalakaran ng mga awit na nadidinig ngayon, mahahati lamang ang mga ito sa una, awiting orihinal na nilikha at pangalawa, mga awit na kinover. Kung noong unang dekada ng 2000 tinutukoy ang *covering* bilang isang paraan ng pagsalin ng awitin ayon sa kontekto ng mga manonood, ngayon binabalik na ang kontekto ng *covering* bilang paraan ng isang singer na maiawit ang isang melodi na hindi siya ang kumanta at binigyan lamang niya ito ng sariling pagpapakahulugan. Dito papasok ang

salitang *re-interpretation*. Kung saan mula sa orihinal na awit, nakakabuo ng akustikong bersyon o may areglo sa tono o pinanatili ang kakanyahan nito subalit binigyan ng pangkalahatang ibang melodi. Sa ngayon, kung pagbabatayan ang mga sinasabing *nag-trend* at madalas na napapatugtog sa airwaves, ilan sa mga nabigyan ng cover ang mga awitin nina *Moira Dela Torre* na *Tagpuan* (2018) at *Mundo* ng *Octave* (2018).

Nasisingit din ang tinatawag na salitang *reproduction* kung saan pinapapatugtog ang awit ayon sa paraan kung paano ito ipinatugtog sa orihinal subalit binibigyan ng ibang timpla pa ng mga produser upang mas kapana-panabik na pakinggan kapag muling ibinalik sa ere. Subalit kahit ano pa man ang itawag dito o mabago man ang kaparaan subalit naaayon pa rin sa kalikasan ng isang *covering*, ibig sabihin may orihinal na pinaghahanguan at nabago man ang paraan ng proseso ng covering na ito dahil sa kung anumang teknikalidad sa ibang bersyon o nosyon, matutukoy pa rin ito bilang isang paraan o proseso ng pagsasalin. Makikita ang ganitong sitwasyon sa *Jakobson's Communication Model* na bahagi ng tinatawag na *Touch-Based Communication/Translation*. Ito ang tinatawag na poetic function sa proseso ng pagsasalin kung saan mensahe ang pokus sa pamamagitan ng paggamit ng medium para sa kanyang kapakanan.

The associations (equivalence, similarity and dissimilarity, synonymity and antonymity), the repetitions of sound values, stresses, accents, the word and phrase boundaries and relationships e.g., elided vs. end-stopped words) as these are combined in sequence.<sup>15</sup>

## Hinuha

Tandaan na bumalik ang pagtalakay na ito sa isang prinsipyo ng pagsasalin, ito ang pagiging komunikatibo ng isang target na wika o target na texto sa buong proseso ng pagsasalin. Bawat hakbangin sa pagsasalin, nangangailangan ng wastong pag-iingat dahil sa mga salik na ikinokonsidira lalo't higit sa proseso ng *covering* tulad halimbawa sa usapin ng disiplina ng musika, ang pamagat, liriks, melodi at impak nito sa mga tagapakinig. Sa aspekto ng *covering* noon, hidi ito naiiba sa aspekto ng *covering* sa kasalukuyan kung

<sup>15</sup> Roman Jakobson, *Touch-Based Communication*. Retrieved from [http://www.google.com.ph/search?source=hp&q=phatic+function+Jakobson&oq=phatic+function+Jakobson&gs\\_l=psy-, 1](http://www.google.com.ph/search?source=hp&q=phatic+function+Jakobson&oq=phatic+function+Jakobson&gs_l=psy-, 1).

saan masasabi o matuturing na isa itong paraan ng *version* o *relay translation* o *transliteration* o *dubbing* o *sub-titling*. Subalit sa aktuwal na prosesong ito, maaaring matanong kung bakit *covered*. Maaaring kinover ang orihinal na kalikasan na mayroon ang isang awitin subalit naa-uncover naman ang kahulugan o diwa nito sa ganang ikaiintindi ng tagapakinig o tagamatyang kung gayon dito papatak ang pagiging komunikatibo ng proseso ng pagsasalin sa kontekto ng covering.

Malakas ang puwersa ng pagkapa sa pagpapakahulugan ng diwa ng bawat covering subalit mas malakas ang tunay na layunin kung bakit nangyayari ang isang proseso ng *covering*.

## Apendiks

### **Payong (Cover)** ni Miss Ganda

Verse 1:  
Pangarap ko  
Sana tayo'y di magkalayo  
Ang tangi kong hiling  
Ay ang pag-ibig mo

Dahil sa 'ting mundo  
Ikaw ay matutukso  
Ningning at karangyaan  
Ang nais makamtan  
Di ba

Chorus:  
Kahit umulan man o umaraw  
Payong ko'y iyong maaasahan  
Di ka na mababasa nang ulan  
Di ka na mababasa nang ulan

Kahit ang bagyo ay kakayanin  
Huwag kang lalayo sa akin  
Di ka na mababasa nang ulan  
Di ka na mababasa nang ulan

Di na, di na, hinde, hinde, hinde  
Mababasa nang ulan  
Di na, di na, hinde, hinde, hinde  
Mababasa nang ulan  
Di na, di na, hinde, hinde, hinde  
Mababasa nang ulan  
Di na, di na, hinde, hinde, hinde,  
hinde, hinde

Verse 2:  
Ating bituin  
Kailan ba mararating  
Tayo'y magniningning  
Pagkatapos nang dilim

Umiikot ang mundo  
Para sa akin at sa yo  
Liliwanag ang lahat  
Pag-ibig ay sapat  
Di ba

(Repeat Chorus)

Bridge:  
Sukob na sa payong ko  
Yakap ko ang init mo't tanggulan  
(tanggulan)  
Kahit bumuhos ang ulan  
Payong ko'y nakalaan  
Di ba

(Repeat Chorus)

Umuulan ohh umuulan... Umuulan...  
Umuulan ohh umuulan... Ohh  
umuulan... Umuulan... (2x)

### **Umbrella (Original)** ni Rihanna

Verse 1:  
You have my heart  
And we'll never be worlds apart  
Maybe in magazines  
But you'll still be my star

Baby, 'cause in the dark  
You can't see shiny cars  
And that's when you need me there  
With you I'll always share  
Because

[Chorus: Rihanna]  
When the sun shine, we shine together  
Told you I'll be here forever  
Said I'll always be your friend  
Took an oath, I'ma stick it out to the  
end

Now that it's raining more than ever  
Know that we'll still have each other  
You can stand under my umbrella  
You can stand under my umbrella

(Ella, ella, eh, eh, eh)  
Under my umbrella  
(Ella, ella, eh, eh, eh)  
Under my umbrella  
(Ella, ella, eh, eh, eh)  
Under my umbrella  
(Ella, ella, eh, eh, eh, eh eh)

Verse 2:  
These fancy things, will never come in  
between  
You're part of my entity, here for  
infinity  
When the war has took its part  
When the world has dealt its cards  
If the hand is hard, together we'll mend  
your heart  
Because

(Repeat Chorus)

You can run into my arms  
It's okay; don't be alarmed  
Come here to me  
There's no distance in between our  
love

So go on and let the rain pour  
I'll be all you need and more  
Because

(Repeat Chorus)

Bridge:  
It's raining, ooh baby it's raining  
Baby come here to me, come here to  
me



**Sugat sa Puso (Cover)**  
ni Miss Ganda

Umiiwas sa pag-ibig ayaw ng masaktan  
Magkailang ulit na akong napag-  
iiwanan  
Tumatakbo ang oras walang nagyayari

Ngunit mayroong nangyari na ngayon  
palang  
Ang puso ko'y natunaw nang walang  
dahilan  
Kala ng iba ako'y naloloka

Pre-Chorus:  
Wala akong pakialam ano mang  
sabihin nila  
Na mahal kita wag kang padadala  
Hinihila ka nilang palayo sa akin

Chorus:  
Walang tigil pagdalo ng dugo  
Walang tigil ang sugat sa aking puso  
Hiniwa mo ang puso ko

Verse 2:  
Iniwasan kong marinig ang lahat  
Dito sa kanila'y ang lakas-lakas  
Tenga ko tuloy halos masugatan

Ngunit sa yakap mo ay walang hihigit  
Sa ting mudong ito ng lungkot at pait  
Mamasdan ang iyong mukha sa  
karumihan  
Masiraan

(Repeat Pre-Chorus)

(Repeat Chorus)

Verse 3:  
Maghilom pa kayang muli  
Ang sugat ng isang sawi  
Upang makita nya ng bawat isa

(Repeat Pre-Chorus)

(Repeat Chorus)

Walang tigil ang sugat nitong puso

It's raining, ooh baby it's raining  
Baby come here to me, come here to  
me

It's pouring rain  
It's pouring rain  
Come here to me  
Come here to me

**Bleeding Love (Original)**  
ni Leona Lewis

Closed off from love, I didn't need the  
pain  
Once or twice was enough, but it was  
all in vain  
Time starts to pass  
Before you know it, you're frozen

But something happened, for the very  
first time with you  
My heart melts into the ground  
Found something true and everyone's  
looking round  
Thinking I'm going crazy

Pre-Chorus:  
But I don't care what they say, I'm in  
love with you  
They try to pull me away but they don't  
know the truth  
My heart's crippled by the vein that I  
keep on closing  
You cut me open and I

Chorus:  
Keep bleeding, keep, keep bleeding  
love  
I keep bleeding, I keep, keep bleeding  
love  
Keep bleeding, keep, keep bleeding  
love  
You cut me open

Verse 2:  
Trying hard not to hear, but they talk  
so loud  
Their piercing sounds fill my ears  
Try to fill me with doubt  
Yet I know that the goal, is to keep me  
from falling

But nothing's greater, than the rush  
that comes with your embrace  
And in this world of loneliness, I see  
your face  
Yet everyone around me thinks that  
I'm going crazy, maybe, maybe

(Repeat Pre-Chorus)

(Repeat Chorus)

Verse 3:  
And it's draining all of me

Oh they find it hard to believe  
I'll be wearing these scars  
For everyone to see

I don't care what they say  
I'm in love with you  
They try to pull me away  
But they don't know the truth  
My heart's crippled by the vein  
That I keep on closing  
You cut me open and I

(Repeat Chorus 2x)

**Peng You (Cover)**  
ng MYMP at Kim Chiu

Verse 1:  
Sa lahat ng luha, lagi kang may kasama  
Sa gitna ng ulan, karamay mo ako  
kaibigan  
Sa tatahakin mong daan di kita iiwan  
Di kana mag-iisa, kaibigan

Chorus:  
Peng you yi shen yi chi zou  
Na xie re chi bu zhai you  
Ating pagkakaibigan di magbabago  
kailanman  
Peng you bu cheng gu tan gou  
Yi shen peng you, ni hui dong  
Kahit na magkalayo, nandito ka sa  
'king puso  
Yi ju hua, yi bei zhi, magkaibigan kahit  
kailan

Verse 2:  
Sa lahat ng luha lagi kang may kasama  
sa gitna ng ulan karamay mo ako  
kaibigan  
Sa tatahakin mong daan di kita iiwan  
di ka na magiisa kaibigan

Chorus:  
Peng you yi shen yi chi zou  
Na xie ri zhi bu zhai you  
Ating pagkakaibigan di magbabago  
kailanman  
Peng you bu cheng gu tan gou  
Yi shen peng you, ni hui dong  
Kahit na magkalayo nand2 ka saking  
puso

Ating pagkakaibigan di magbabago  
kailanman  
Peng you bu cheng gu tan gou  
Yi shen peng you, ni hui dong  
Kahit na magkalayo nand2 ka saking  
puso

Outtro  
Ni shing hua ni bei zhi  
Magkaibigan kahit kalian

**Peng You (Original)**  
ni Emil Chou

Verse 1:  
Zhe xie nian yi ge ren  
Feng ye guo yu ye zou  
You guo lei you guo cuo  
Hai ji de jian chi shen me

Verse 2:  
Zhen ai guo cai hui dong  
Hui ji mo hui hui shou  
Zhong you meng zhong you ni  
Zai xin zhong

Chorus:  
Peng you yi sheng yi qi zou  
Na xie ri zi bu zai you  
Yi ju hua yi bei zi  
Yi sheng qing yi bei jiu

Peng you bu ceng gu dan guo  
Yi sheng peng you ni hui dong  
Hai you shang hai you tong  
Hai yao zou hai you wo

(Repeat All 2x)

(Repeat Chorus)

Outtro:  
Yi ju hua yi bei zi  
Yi sheng qing

**Nobody (Cover)**

ni Nhixxie (Isang YouTube user)

**Intro:**

You know i still I love you baby  
And it will never change

**Chorus:**

I want nobody, nobody but you  
I want nobody, nobody but you  
Ayoko ng iba ikaw lang ang nakikita  
I want nobody, nobody, nobody,  
nobody

**Verse 1:**

Bakit mo ko ko pinapalayo?  
Aking sinasabi para bang may haligi  
Pinapapili ng ibang lalaki  
Ayokong sumali sa iyong sinasabi

**Pre-Chorus:**

Para daw sa kabutihan  
Bakit ba lagi kang ganyan  
Tumigil ka na nga, ako'y yong kilala  
Huwag mong ipilit ang di ko gusto

(Repeat Chorus 2x)

**Verse 2:**

Ayos na ko, ako'y kontento  
Basta't kay nandito wala no kong gusto  
Sa tingin mo sinong para sakin?  
Kung wala ka sa tabi ako'y alanganin

(Repeat Pre-Chorus)

(Repeat Chorus 2x)

**Verse 3:**

I don't want nobody, body  
I don't want nobody, body  
Sa totoo lang, kung di ikaw  
Ito'y walang katuturan

(Repeat Chorus 2x)

**Bridge (Rap):**

Back to the days when we were so  
young and wild and free  
Ang lahat ay parang panaginip lang sa  
akin, sana to'y magbalik  
Bakit mo ba ko pinalalayo? Why do  
you push me away?  
I don't want nobody nobody nobody  
nobody but you

**Nobody (Original)**

ng Wonder Girls

**Intro:**

You know i still love you, baby  
And it will never change, saranghae

**Chorus:**

I want nobody, nobody but you  
I want nobody, nobody but you  
How can I be with another? I don't  
want any other  
I want nobody, nobody, nobody,  
nobody

**Verse 1:**

Why are you trying to, to make me  
leave ya  
I know what you're thinking, baby why  
aren't you listening?  
How can I just, just love someone else  
And forget you completely when I  
know you still love me?

**Pre-Chorus:**

Telling me you're not good enough  
My life with you is just too tough  
You know it's not right so just stop and  
come back, boy  
How can this be when we were meant  
to be?

(Repeat Chorus 2x)

**Verse 2:**

Why can't we just, just be like this?  
'Cause it's you that I need and nothing  
else until the end  
Who else can ever make me feel the  
way  
I, I feel when I'm with you, no one will  
ever do

(Repeat Pre-Chorus)

(Repeat Chorus 2x)

**Verse 3:**

I don't want nobody, body  
I don't want nobody, body  
Honey you know it's you that I want  
It's you that I need, why can't you see?

(Repeat Chorus 2x)

**Bridge (Rap):**

Back to the days when we were so  
young and wild and free  
Nothing else matters other than you  
and me, so tell me why can't it be?  
Please let me live my life my way Why  
do you push me away?  
I don't want nobody nobody nobody  
nobody but you

## Banana (Cover)

ni Blank Tape

Verse 1:

Kung ayaw mong nabibitin sa taste  
I-try mo to banana ko babe, I'm selling  
today  
Ito ay long, di ka magsisipi sa size  
Masarap, matamis at mahaba at panalo  
pa ang price

Chorus:

Sige itry mo aking banana  
Pag natikman mo to di magsasawa  
Dahil masustansya ang aking banana  
At ubod pa ng sarap aking banana

Kaya itry mo aking banana  
Para malaman mo kung bakit ba  
Paborito ng lahat aking banana  
Kaya ang bumibili ay pila-pila

Verse 2:

Did you know ubos lagi ang paninda  
ko  
Di na to inaabot ng night sa dami nang  
suki ko  
Tignan mo, aking saging ngayon ay in  
Pinipilahan nang lahat; ganyan katindi  
aking saging

(Repeat Chorus)

Verse 3:

If you buy  
Basta sa akin ka mag-buy  
Di mo na kailangan pang ma-shy  
Kasi suki kita 'day

If you buy  
Basta sa akin ka mag-buy  
Di mo na kailangan pang ma-shy  
Kasi suki kita 'day

(Repeat Chorus)

Bridge:

I want you to buy, baby (I want you to  
buy)  
I want you to try, baby (I want you to  
try)  
Bago ka pa mahuli (Bago ka mahuli)  
At di ka na magsisi (At di ka na magsisi)

I want you to buy, baby (I want you to  
buy)  
I want you to try, baby (Oh, I want you to  
try)  
Just wish you could buy, baby (Just  
wish you could buy)  
Kahit on time baby (Kahit on time  
baby)

(Repeat Chorus)

Banana!

## Right Now (Na Na Na) (Original)

ni Akon

Verse 1:

It's been so long that I haven't seen  
your face  
I'm try'na be strong but the strength I  
have is washing away  
It won't be long before I get you by my  
side  
And just hold you, tease you, squeeze  
you, tell you what's been on my mind

Chorus

I wanna make up right now, na na  
I wanna make up right now, na na  
Wish we never broke up right now, na  
na  
We need to link up right now, na na

I wanna make up right now, na na  
I wanna make up right now, na na  
Wish we never broke up right now, na  
na  
We need to link up right now, na na

Verse 2:

Girl I know, mistakes were made  
between us two  
And we show our ass that night  
Even said somethings weren't true  
Why'd you go and haven't seen my girl  
since then  
Why can't it be the way it was?  
Cos you were my homie, lover and  
friend

(Repeat Chorus)

Verse 3:

I can't lie (I miss you much)  
Watching everyday that goes by (I  
miss you much)  
Until I get you back I'm gonna cry (Yes  
I miss you much)  
You are the apple of my eye (Girl I miss  
you much)  
I miss you much

(Repeat Chorus)

Bridge:

I want you to fly with me (Want you to  
fly)  
I miss how you lie with me (Miss how  
you lie)  
Just wish you could dine with me  
(Wish you could dine with me)  
One that would grind with me (One  
that would grind with me)

I want you to fly with me (Want you to  
fly)  
I miss how you lie with me (Miss how  
you lie)

**Soulja Boy Tagalog (Cover)**  
ni Batang Sundalo

Chorus:  
Batang Sundalong iyon  
Tingnan Mo siyang tumalon,  
Tingnan ang sundalo  
Napassuperman ang h\*\*

Barilin mooooo (Batang Sundalo)  
Barilin mooooo (Batang Sundalo)  
Sundan mo koooo (Batang Sundalo)  
Subukan moooo

(Repeat Chorus)

Verse:  
Batang Sundalong iyon  
Na pumapapancit Canton  
Pinasuperman tigok  
Ang tatay niya si Mang Putok  
Ang lufet, pumapadyak  
Pinadyak ang 47 niya  
Natakot na ang AFP, dahil nandito na siya  
(Nakooooooo)  
Patay kayo samin  
Bulilit man kami, kayo ay parurusahin  
Habulan at Patintero ang  
aming mga gawaen  
Madalas kami uminon ng  
Lactum Promil Sustagen

(Repeat Chorus 2x)

Just wish you could dine with me  
(Wish you could dine with me)  
One that would grind with me (One  
that would grind with me)

(Repeat Chorus)

**Crank That (Soulja Boy) (Original)**  
ni Soulja Boy Tell 'Em

Chorus:  
Soulja Boy off in this h\*\*  
Watch me crank it, watch me roll  
Watch me crank that Soulja Boy.  
Then Superman that h\*\*

Now watch me, you... (Crank that  
soulja boy)  
Now watch me, you... (Crank that  
soulja boy)  
Now watch me, you... (Crank that  
soulja boy)  
Now watch me, you... (Crank that  
soulja boy)

Verse 1:  
Soulja Boy off in this h\*\*, watch me  
lean and watch me rock  
Superman that h\*\*, then watch me  
crank that Robocop  
Super fresh, now watch me jock,  
jocking on them haterz man  
When I do that Soulja Boy, I lean to the  
left and crank that thang. (Now you)  
I'm joking on your b\*\*\*\* a\*\*, and if we  
get the fightin'  
Then I'm cocking on your b\*\*\*\* a\*\*  
You catch me at your local party; yes I  
crank it everyday  
Haterz getting mad cuz I got me some  
bathin' apes

(Repeat Chorus 2x)

Verse 2:  
I'm bouncing on my toe; me super  
soak that h\*\*  
I'ma pass it to Arab then he goin' pass  
it to the low (low)  
Haterz wanna be me; Soulja Boy, I'm  
the man  
They be lookin at my neck, sayin it's  
the rubber band man  
Watch me do it (watch me do it), damn  
(damn)  
Let get to it (let get to it), nope, you  
can't do it like me  
H\*\*, so don't do it like me; folk, I see  
you try'na do it like me  
Man that shit was ugly

(Repeat Chorus 2x)

Verse 3:  
 I'm to clean in this h\*\*; watch me crack  
 and watch me roll  
 Watch me crank that Rossevelt then  
 Supasoak that h\*\*  
 Supasoak that h\*\* (Supasoak that h\*\*)  
 Supasoak that h\*\* (Supasoak that h\*\*)  
 Supasoak that h\*\* (Supasoak that h\*\*)  
 Supasoak that h\*\* (Supasoak that h\*\*)  
 I'm to fresh up in this b\*\*\*\*, watch me  
 shuffle, watch me jit  
 Watch Me Crack Ma Shoulda Work  
 then Superman That Bitch (you...)  
 Then Superman that b\*\* (Then  
 Superman that b\*\*)  
 Then Superman that b\*\* (Then  
 Superman that b\*\*)  
 A, you...

(Repeat Chorus 2x)

**Low (Cover)**  
 ni DJ Boga

Chorus:  
 Mansanas, pantalon at sapatos na  
 balbon  
 Buong beerhouse nakalingon,  
 Ayy, nadapa! Bigla bigla!  
 Nagspaghetti pababa ng pababa ng  
 pababa

Pinawisang pantalon tinalian na  
 Tretorn  
 Umikot siya at pinalo ko pwit niya  
 (hoooy!)  
 Ay, nadapa! Bigla bigla!  
 Nagspaghetti pababa ng pababa ng  
 pababa

Verse:  
 Uiiii stig napalingon tliga akooo  
 Tumataktaktak si ajinomotooooo  
 Si pandak ay nagloloko  
 Tinigasan aking ulo  
 Ang sexy niya... parang lola  
 Ginto pa ang... pustiso niya  
 Oooo.. teka lang saglit. May pulis!  
 takbo!  
 Ayy si pandak lang pala hello  
 Kumusta na ang buhay moo  
 Miss kita o pare koo  
 Kamustang pagbenta ng tahoo  
 Oke naman aking negosyo  
 May bahay at lupa na rin ako  
 Sa susunod na taon ko dito  
 Sa akin narina ang meralco

(Repeat Chorus)

**Low (Original)**  
 ni Flo Rida at T-Pain

Chorus:  
 Shawty had them Apple Bottom jeans,  
 Boots with the fur  
 The whole club was looking at her  
 She hit the floor (she hit the floor),  
 next thing you know  
 Shawty got low, low, low, low, low, low,  
 low, low

Them baggy sweat pants and the  
 Reeboks with the straps  
 She turned around and gave that big  
 booty a smack (hey)  
 She hit the floor (she hit the floor),  
 next thing you know  
 Shawty got low, low, low, low, low, low,  
 low, low

Verse 1:  
 I ain't never seen something' that'll  
 make me go  
 This crazy all night spending my doe  
 Had the million dollar vibe and a body  
 to go  
 Them birthday cakes they stole the  
 show  
 So sexual, she was flexible,  
 professional, drinking' X&O  
 Hold up, wait a minute, do I see what I  
 think I? Whoa  
 Did her thing seen shawty get low?  
 Ain't the same when it's up that close  
 Make it rain, I'm making it snow  
 Work the pole I got the bank roll  
 I'm gonna say that I prefer the no  
 clothes  
 I'm into that, I love women exposed  
 She threw it back at me I gave her no  
 Cash ain't a problem I know where it  
 goes

(Repeat Chorus)

[Verse 2: Flo Rida]  
 Hey shawty what I gotta do to get you home?  
 My jeans filled with guap and they're ready for showing  
 Cadillacs, laid back for the sexy grown Patron on the rocks that'll make you moan  
 One stack (come on), two stacks (come on), three stacks (come on)  
 Now that's three grand  
 What, you think I'm playing baby girl I'm the man  
 I'm dealing rubber bands  
 That's when I threw her legs on my shoulder  
 I knew it was over  
 That heny and Cola got me like a solider  
 She ready for Rover, I couldn't control her  
 So lucky on me I was just like a clover  
 Shawty was hot like a toaster  
 Sorry but I had to fold her  
 Like a pornography poster  
 She showed her

(Repeat Chorus)

Verse 3:  
 Whoa shawty yeah she was worth the money  
 Little mama took my cash and I ain't want it back  
 The way she bent that back got all them paper stacks  
 Tattoo above her crack; I had to handle that  
 I was on it, sexy woman; let me show it and make me want it  
 Two in the morning, I'm zoned in them rosee bottles foaming  
 She wouldn't stop, made it drop, shawty dipped that pop and lock  
 Had to break her off that guap, gal was just fine just like my glock

(Repeat Chorus)

# Talasangunian

## Libro

- Bautista Cirilo, *Breaking Signs*. Manila: De La Salle University, 1990.
- Bassnett-Mc Guire, Susan. *Translation Studies*. New York: Routledge, 1992.
- Hatim, Basil and Ian Mason. *The Translator as Communicator*. New York: Routledge. 1997.
- Lefevre, Andre. *Translation/History/Culture*. 1990. New York: Routledge.
- Santiago, Alfonso. 1997. *Sining ng Pagsasaling-Wika*. Quezon City: Rex Bookstore.
- Venuti, Larence. 2000. *The Translation Studies Reader*. London: Routledge.

## Mula sa Internet

- Adams, Cecil. 1978. Must you get permission to record someone else song.  
Retrieved from <http://www.straightdope.com/columns/read/290/must-you-get-permission-to-record-someone-elses-song>
- Gottlieb, Henrik (Copenhagen). 2005. Multidimensional Translation: Semantics turned Semiotics. Copenhagen, (May 02, 2005):1-29. [https://www.euroconferences.info/proceedings/2005\\_Proceedings/2005\\_Gottlieb\\_Henrik.pdf](https://www.euroconferences.info/proceedings/2005_Proceedings/2005_Gottlieb_Henrik.pdf).
- <http://museum.woolworths.co.uk/1950s-embassyrecords.htm>
- <http://www3.dbu.edu/mitchell/poundtra.htm>
- [http://www.google.com.ph/search?source=hp&q=phatic+function+Jakobson&oq=phatic+function+Jakobson&gs\\_l=psy-musicfans.stackexchange.com/questions/33/what-is-the-difference-between-a-cover-and-a-remake-of-a-song](http://www.google.com.ph/search?source=hp&q=phatic+function+Jakobson&oq=phatic+function+Jakobson&gs_l=psy-musicfans.stackexchange.com/questions/33/what-is-the-difference-between-a-cover-and-a-remake-of-a-song)